

Pebrero 5, 2021  
Tagapagpaganap 2021-04

Kautusang

**KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2021-04**  
**(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 74)**

**SAPAGKAT**, bago pa man ang Marso ng taong 2020, ang Illinois ay naharap na sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na naapektuhan ang higit sa 1,140,000, at pagkamatay ng higit sa 19,500 na residente; at,

**SAPAGKAT**, habang ang Illinois ay nangangalap at tumutugon sa sakuna sa pampublikong kalusugan dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubhang sakit sa respirasyon na mabilis kumakalat sa pamamagitan ng mga transmisyong sa respirasyon at nagpapatuloy na wala pa ring mabisang gamot o bakuna, ang pasanin ng mga residente, nangangalagang pangkalusugan, mga unang tumutugon, at mga gobyerno sa buong Estado ay wala pang nagagawa; at,

**SAPAGKAT**, sa lahat ng oras ngunit lalo na sa krisis ukol pampublikong kalusugan, ang pangangalaga sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

**SAPAGKAT**, ang patakaran at pananaliksik sa pampublikong pangkalusugan ay nagpapahiwatig na kailangan at epektibo ang pagsusuot ng pantakip sa mukha sa mga pampublikong lugar kung saan mahirap panatilihin ang distansya sa bawat isa, at nagpapahiwatig na ang panganib ng transmisyong sa labas ay mas mababa kaysa sa mga panganib sa loob; at,

**SAPAGKAT**, ipinapayo ng pampublikong kalusugan na ang pagbabawas ng pisikal na pakikipag-ugnayan sa mga tao na kung saan naninirahan sa parehong kritikal ang sakit upang mas mapababa ang pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, habang kumakalat ang COVID-19 sa Illinois na pinagdadaanan ng Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna, ang mga pangyayari na nagdulot ng sakuna sa buong Estado ay nagbabago at patuloy na nagbabago, inaalam ang mga mangyayari sa pandemya sa mga darating na buwan ay sadyang napakahirap; at,

**SAPAGKAT**, bilang karagdagan sa pagiging sanhi ng malagim na pagkawala ng higit sa 19,500 na mga taga-Illinois at pagpinsala sa pisikal na kalusugan ng sampu-sampung libong iba pa, ang COVID-19 ay nagdulot ng malawakang kawalan sa ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa kagalingan ng pananalapi ng isang makabuluhang bilang ng mga indibidwal at mga negosyo sa buong bansa at sa Estado; at,

**SAPAGKAT**, maraming ahensyang tagapagpaganap sa Estado ay nakapokus sa limitadong mapagkukunan sa patuloy na tugon sa COVID-19 pandemya

**SAPAGKAT**, ang pandemyang COVID-19 ay inatasan ang Department of Agriculture ng Illinois (IDOA) na tugunan ang epekto sa suplay ng pagkain ng Estado sa pamamagitan ng mga patakaran at pangangasiwa sa mga pasilidad ng karne at manok at baka; at,

**SA KATUNAYAN**, ang pangambala ng pandemyang COVID-19 sa merkado ng hayop ay hiniling ng IDOA na ituon ang mga mapagkukunan nito sa pakikipagtulungan sa mga may-ari ng hayop at mga prodyuser ng hayop upang matugunan ang ligtas at maayos na pagbebenta ng hayop sa pamamagitan ng pangangasiwa nito at regulasyon ng Dead Animal Disposal Act; at,

**SAPAGKAT**, kinokontrol at sinisiyasat ng IDOA ang mga industriya na naapektuhan ng pandemyang COVID-19 kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga aplikante ng pestisidyo, tirahan ng hayop, mga tindahan ng mga alagang hayop, at mga istasyon ng gas, at ang nagpatuloy, pag-aayos ng mga patakaran sa industriya na iniutos ng IDOA para makabuo ng karagdagang oras at mapagkukunan sa paglikha ng mga bagong pamamaraan para sa pagsasagawa ng mga malalayong pagsisiyasat at pagsasanay; at,

**SAPAGKAT**, ang masamang epekto ng pandemyang COVID-19 na iniutos sa mga industriya ng IDOA ay inatasan na maglagay ng karagdagang oras at mga mapagkukunan sa pag-oorganisa at pamamahala ng napapanahong pagpapatupad ng Business Interruption Grant Program; at,

**SAPAGKAT**, noong Pebrero 5, 2021, bilang pagsasaalang-alang sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, idineklara ko na ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, bilang tugon sa emerhensiya ng epidemya at emerhensiya ng kalusugang pampubliko na inilarawan sa itaas, nakita kong kinakailangan na muling ilabas ang mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-03, 2020-04, 2020-07, 2020-08, 2020-09, 2020-11, 2020-12, 2020-15, 2020-16, 2020-17, 2020-20, 2020-21, 2020-23, 2020-24, 2020-25, 2020-26, 2020-27, 2020-28, 2020-29, 2020-30, 2020-34, 2020-35, 2020-36, 2020-40, 2020-41, 2020-42, 2020-45, 2020-47, 2020-50, 2020-57, 2020-68, 2020-72, at 2021-03 at dito isinasama ang mga takdang SAPAGKAT ng mga Kautusang Tagapagpaganap na iyon ;

**SAMAKATUWID**, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ibinigay sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(9), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at kahanay ng mga kapangyarihan sa mga batas sa kalusugang pampubliko, inuutos ko ang mga sumusunod, simula Pebrero 5, 2021:

### **Unang Bahagi: Muling Paglabas ng mga Kautusang Tagapagpaganap.**

Ang mga Kautusang Tagapagpaganap na 2020-03, 2020-04, 2020-07, 2020-08, 2020-09, 2020-11, 2020-12, 2020-15, 2020-16, 2020-17, 2020-20, 2020-21, 2020-23, 2020-24, 2020-25, 2020-26, 2020-27, 2020-28, 2020-29, 2020-30, 2020-34, 2020-35, 2020-36, 2020-40, 2020-41, 2020-42, 2020-45, 2020-47, 2020-50, 2020-57, 2020-68, 2020-72, at 2021-03 ay muling inilabas bilang mga sumusunod:

#### **Kautusang Tagapagpaganap 2020-04 (Pagsara ng James R. Thompson Center; kinakailangang permiso ng pag-alis dahil sa sakit para sa mga empleyado ng Estado):**

Ang mga seksyon 2 at 3 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-04 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**. Wala sa Seksyon 2 ang pumipigil sa Department of Central Management Services mula sa pagtatalaga ng mga tukoy pagpasok at paglabas at pagkontrol sa daloy ng trapiko sa James R. Thompson Center para sa mga empleyado, ang mga miyembro ng publiko na dumadalo sa negosyo ng Estado, at mga miyembro ng pampublikong nag-oobserba sa mga negosyo at kainan.

#### **Kautusang Tagapagpaganap 2020-07 (Pangangailangan sa pagkikita ng personal):**

Ang seksyon 6 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-07, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-33 at Kautusang Tagapagpaganap 2020-44, ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-08 (Mga Operasyon ng Kalihim ng Estado):**

Ang Seksyon 3, 4, 5, at 6 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-08, na ipinatupad ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-39, Kautusang Tagapagpaganap 2020-44, at Kautusang Tagapagpaganap 2020-74, ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-09 (Telehealth):**

Kautusang Tagapagpaganap 2020-09, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-52, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-11 (Panahon ng Abiso ng Kagawaran ng Pagwawasto ng Illinois):**

Ang seksyon 4 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-11 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 (Mga pagsusuri sa mga karanasan ng mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan; panahon ng abiso ng Kagawaran ng Hustisya para sa Kabataan ng Illinois):**

Ang mga seksyon 1 at 3 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-15 (Pagsuspinde sa mga probisyon ng Illinois School Code):**

Ang mga seksyon 5, 6, 7, 8 at 9 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-15 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-16 (Pagsuspinde sa mga klaseng pagsasanay para sa mga serbisyong pangseguridad):**

Ang seksyon 2 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-16 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-03 at 2020-17 (Ang mga itinakdang oras at aplikasyon ng Cannabis):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-03 at 2020-17, ay binago ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-18, ay muling inilabas at dapat manatili sa bisa tulad ng tinukoy sa Kautusang Tagapagpaganap 2020-18.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-20 (Mga kinakailangang tulong pampubliko):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-20 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-21 (Pagpapalaya ng Illinois sa mga bilanggo ng Department of Corrections):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-21 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-23 (Ang mga aksyon ng Department of Financial and Professional Regulation ng Illinois para sa mga lisensyadong propesyonal na tumutugon sa kalamidad):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-23 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-24 (Department of Human Services Forensic ng Illinois; mga imbestigasyon sa mga empleyado ng Department of Human Services):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-24 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-25 (Pagkaltas at mga pagbabawas ng sahod):**

Kautusang Tagapagpaganap 2020-25, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-55, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-26 (Kapasidad ng ospital):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-26 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-27 (Mga bangkay na nagpositibo sa COVID-19):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-27 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-28 (Mga sertipikasyon ng industrial radiography):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-28, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-55 at Kautusang Tagapagpaganap 2021-01, ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-29 (Personal na pag-aaral o pagsusulit para sa lisensya ng mga propesyunal):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-29 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-30 (Ang pagtatapos ng mga konsuladong dokumento ng pagkakakilanlan; de-koryenteng paghahain para sa Komisyon ng Karapatang Pantao ng Illinois):**

Ang mga seksyon 1, 4, 5 at 6 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-30 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-34 (Mga kinakailangan para sa Cannabis):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-34 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-35 (Mga aktibidad Department of Public Health regulatory ng Illinois):**

Ang mga seksyon 14, 15, 16 at 17 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-35 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-36 (Lisensya ng pagpapakasal):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-36 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-40 (Batas sa Child Labor):**

Ang mga seksyon 2 at 4 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-40 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-41 (Pagtaya sa mga palaro):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-41 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-42 (Mga State Fair):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-42 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-45 (Lisensya para Cannabis):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-45 ay ipinatupad sa kabuuan nito at dapat manatiling epektibo tulad ng tinukoy sa Kautusang Tagapagpaganap 2020-45.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-47 (Personal na pagtuturo sa mga paaralan ng preK-12):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-47 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-50 (Pagpapatuloy sa mga paglilipat mula sa mga kulungan sa probinsiya papunta sa Department of Corrections ng Illinois):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-50 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-57 (Kard ng pagkakakilanlan ng Cannabis):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-57 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-68 (Ang pagpapabago ng rehistro ng kard ng pagkakakilanlan para sa Cannabis):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-68 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2020-72 (Moratoriyum ng pagpapaalis sa mga residente):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-72, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-74 at Kautusang Tagapagpaganap 2021-01, ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Kautusang Tagapagpaganap 2021-03 (Mga Sukatan ng Mitigasyon para sa Rehiyon):**

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2021-03 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Marso 6, 2021**.

**Pangalawang Bahagi: Sugnav ng Pagtatapos.** Kapag anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o aplikasyon sa sinuman o pangyayari ay walang bisa ayon sa anumang korte ng nasakupan, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang probisyon o

aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap, na maaaring bigyang epekto kahit na walang probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklarang maaaring tapusin.

**JB Pritzker, Gobernador**

Inisyu ng Gobernador Pebrero 5, 2021  
Isinalin ng Kalihim ng Estado Pebrero 5, 2021